Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan - Modyul 6: Linggo 4
## Pagiging Mapanuri



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

Edukasyon sa Pagpapakatao – Grade 4
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan - Modyul 1: (Pagiging Mapanuri)
Unang Limbag, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang – isip.** Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-isip sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala *(publishers)* at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Division of Valencia City
Schools Division Superintendent: Rebonfamil R. Baguio

**Development Team of the Module**

**Authors:** Emelie A. Cabugwas

**Editor:** Maria Fe C. Tayong

**Reviewers:** Jane C. Agpalza
Janette P. Cabaya
Phebe S. Antiquina, PSDS

**Illustrator:** Julius T. Bucar

**Layout Artists:** John Rimmon I. Taquiso

**Management Team:**
Chairperson: Rebonfamil R. Baguio
*Schools Division Superintendent*

Co-Chairperson: Eugene I. Macahis, Jr.
Asst. Schools Division Superintendent

Members: Jayvy C. Vegafria, CID Chief ES
Yeseluycio N. Patriarca Jr, EPS- EsP
Analisa C. Unabia, EPS – LRMS
Joan Sirica V. Camposo, Librarian II
Israel C. Adrigado, PDO II

Inilimbag sa Pilipinas ng:
Department of Education - Division of Valencia City
Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828-4615
Website: deped-valencia.org

# 4

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan - Modyul 1: Linggo 4

## Pagiging Mapanuri

Ang kagamitan sa pagkatutong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga guro mula sa mga pampubliko at pribadong paaralan, kolehiyo, at unibersidad. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng Edukasyon na mag-email ng kanilang puna, komento at rekomendasyon sa Kagawaran ngEdukasyon sa region10@deped.gov.ph.

**Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mga puna at rekomendasyon.**

**Kagawaran ng Edukasyon ● Republika ng Pilipinas**

## *Ano ang Modyul na ito*




Ang modyul na ito ay inihanda upang magbigay gabay sa mga mag-aaral na maunawaan ang makatotohanang pagbabalita hingil sa mga nakalap na mahalagang impormasyon. Ang mga pagsasanay na nilalaman nang modyul na ito ay para sa ika-apat na linggo ng unang markahan.



### *Mga tala para sa Guro*

Maihanda ang mga mag-aaral sa makatotohanang pagbabalita gamit ang ibat-ibang makabagong teknolohiya.

## *Icons sa Modyul na ito*

| | | |
|---|---|---|
|  | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa iyong pagkatuto. |
|  | Subukin | Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin |
|  | Balikan | Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan |
|  | Tuklasin | Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin |
|  | Suriin | Ito ay pagtatalakay sa pamamagitan ng gawain sa pagkatuto upang malinang ang iyong natuklasan sa pag-unawa sa konsepto. |
|  | Pagyamanin | Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan. |
|  | Isaisip | Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang inyong natutunan mula sa aralin. |
|  | Isagawa | Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong sitwasyon. |
|  | Tayahin | Ang pagtatasang ito ay ginamit upang masusi ang inyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto |
|  | Karagdagang Gawain | Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman. |

## *Alamin*

Naisasagawa nang may mapanuring pag-iisip ang tamang pamamaraan/ pamantayan sa pagtuklas ng katotohanan


Mga Layunin sa Pagkatuto:

Nakapagninilay-nilay ng katotohanan batay sa mga nakalap na impormasyon mula sa mga balitang napakinggan at palatastas na nabasa o narinig.

## *Paano matuto sa Modyul na ito:*

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang mga sumusunod na hakbang:

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.
- Sagutin ang lahat na pagtataya at pagsasanay.



## *Subukin*

Ang pagiging mapagmatiyag at mapanuri sa balita ay nakatututulong sa atin para makuha, malaman, at maunawaan natin ang tamang impormasyon.

Basahin at suriin

**Modular Learning**

Ang modular learning ay isang paraan ng pagkatuto gamit ang inihandang modyul ng Departamento ng Edukasyon. Sa paraang ito ang mga mag-aaral ay mananatili lamang sa kanilang mga tahanan. Ang modyul ay naglalaman ng ibat-ibang pagsasanay na dapat sasagutin ng mga mag-aaral sa tulong ng kanilang mga magulang. Matapos sagutin ay ipapasa ito sa guro upang maiwasto.

Panuto: Sagutin ang mga tanong.

1. Tungkol saan ang kwento?

____________________________________________

____________________________________________

2. Ano ang tawag sa makabagong paraan ng pagkatuto?

____________________________________________

____________________________________________

3. Ano ang modyul?

____________________________________________

____________________________________________

4. Sa iyong palagay may kabutihang dulot ba ito sa atin? Bakit?

____________________________________________

____________________________________________

5. Sa iyong palagay anong mga paghahanda ang maaari mong gawin upang sagutin ang mga pagsasanay sa modyul?

____________________________________________

____________________________________________

Leksyon 1

# Pagiging Mapanuri

Ang pagiging mapagmatiyag at mapanuri sa mga naririnig,nababasa sa radyo at pahayagan ay may malaking naitutulong sa pang araw-araw na pakikipagsapalaran sa buhay.

Ang salitang mapanuri ay maihahalintulad mo sa pagbibigay ng solusyon sa isang suliranin. Pag-aralan munang mabuti ang pinagmulan o sanhi ng suliranin bago magdesisyon.

Bakit kaya dapat suriin ng mabuti ang anumang balita na narinig o nabasa? May Malaki bang epekto ito sa atin at sa ating kapwa?



## *Balikan*

Ang pagiging mapanuri sa anumang nabasa o narinig na balita ay may kaakibat na responsibilidad. Ugaliing maging makatotohanan sa pagsasalaysay ng mga impormasyong iyong nakalap***.***

**Basahin at unawain.**

**Si Esha**

Si Esha ay nasa ika-apat na baitang. Madalas siyang naaatasan ng guro upang magbigay ng balita. Isang araw may sunog na naganap sa kanilang barangay. Ito ang kanyang napag isipang ibalita sa klase subalit may mga detalye na taliwas sa katotohanan na naunang naibalita sa radyo. Sa pagkakataong ito ay sinuring mabuti ni Esha ang balita. Sinikap niyang kumalap ng mas matibay at konkretong ebidensiya upang ang makatotohanang balita lamang ang kanyang mailahad.

Panuto: Iayos ang mga letrang nasa ibabaw ng kahon upang makabuo ng isang salitang maglalarawan ng mga katangian ni Esha. Kumpletuhin at isulat ang buong salita sa loob ng kahon na nasa ibaba.

1. M P N R I A
   M __ __ A __ __ R __

2. M T Y G A I Y A
   M __ T __ __ __ __ A

3. S K A M I
   M __ __ I __ A __

4. T A A T P M
   __ A __ A __ A __

5. G A P I S A M
   M __ __ I __ A__

## *Tuklasin*

Ang mga balitang napapakinggan at naririnig ay marapat na suriing mabuti upang mabatid ang mensaheng nais iparating nito. Madalas na nagbibigay ito ng babala at aral upang makaiwas sa anumang sakuna.

Panuto: Suriin ang kwento.

### Ang Balita ni Nanay Mely

Isang araw si Nanay Mely ay nakikinig ng balita. “Malugod na araw mga kababayan, kabarangay!” Ang inyong lingkod EFJA Balita, Maging malinis at masinop po tayo sa ating paligid upang maiwasan ang pagkakasakit. Limang batang babae ang naisugod sa ospital dahil sa pagsusuka at mataas na lagnat. Ang mga naturang bata ay galing sa iisang Barangay. Ayon sa pagsusuri ang tubig na kanilang nainom ay marumi. Pinag-iingat ang lahat upang maiwasan na makainom ng maruming tubig mas mabuting pakuluan muna ito bago inumin. Ang barangay naman ay nagkaisang linisin ang bukal na pinagkukunan ng tubig.

Nabahala si Nanay Mely para sa kanyang mga anak. Tinawag niya ang mga ito at pinagsabihang huwag uminom kung saan-saan.



## *Suriin*

Anumang balitang naririnig ay nararapat na alamin at suriin ang pinagmulan nito. Kailangang malaman at maipabatid sa lahat ang katotohanan sa likod ng bawat balitang napakinggan

Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Ano ang natutuhan mo sa kuwentong iyong nabasa?

   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

2. Nagkaroon ka na ba ng pagkakataong hindi ka naniwala sa balitang iyong narinig sa radyo o nabasa sa pahayagan? Ipaliwanag ang dahilan.

   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

3. Paano mo masasabi na ikaw ay nagiging mapanuri sa mga balitang naririnig mo sa radyo o nababasa sa pahayagan? Ipaliwanag.

   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

4. Naranasan mo na ba na nagkamali ka sa pagkakaintindi sa balitang iyong narinig o nabasa? Ano ang naging epekto nito?

   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

5. Kung ikaw ang anak ni nanay Mely, susunod ka ba sa paalaala ng iyong nanay tungkol sa balitang kanyang napakinggan? Pangatwiranan?

   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________



## *Pagyamanin*

Ang bawat balita na narinig at nabasa ay dapat na suriin at unawaing mabuti upang sa paglalahad sa iba ay maging makatotohanan. Iwasang magbalita ng mga bagay na hindi ka sigurado.

Panuto:Suriin ang dalawang impormasyon sa ibaba at sagutin ang pagsasanay.

| Balitang Napakinggan | Patalastas na nabasa/narinig |
| --- | --- |
| COVID 19<br>Isang malalang sakit ang Covid 19 na nagdulot ng malawakang lockdown sa ibat- ibang panig ng mundo. Sa kasalukuyan patuloy ang ginagawang pag-iingat ng pamahalaan upang mapababa ang mga apektadong lugar ng COVID 19. Wala pa ring natutuklasang gamot laban dito. | Gamot sa COVID 19<br><br>Ang pagkain ng saging ay nagbibigay ng proteksyon upang maiwasan ang COVID 19. Ang pagkain nito ay nagpapalakas ng resistensiya upang hindi makapitan ng nakamamatay na sakit. |

Panuto: Bilugan ang ☼ kung makatotohanan ang isinasaad ng pangungusap at ✖ kung hindi

| | | | |
| --- | --- | --- | --- |
| 1 | Ang COVID 19 ay madaling gamutin. | ☼ | ✖ |
| 2 | May natuklasan ng gamot para sa COVID 19. | ☼ | ✖ |
| 3 | Saging ang pinakamabisang gamot sa COVID 19. | ☼ | ✖ |
| 4 | Pandaigdigang suliranin ang COVID 19. | ☼ | ✖ |
| 5 | Ang COVID 19 ay isang uri ng virus na nakamamatay | ☼ | ✖ |

## *Isaisip*


Hindi lahat ng balitang naririnig o nababasa ay totoo. Maging mapanuri at matalino sa pag-unawa sa katotohanan sa likod ng bawat balitang naririnig.

Panuto: Magsulat ng limang pangungusap ng isang balita o patalastas na makatotohanan at limang pangungusap na hindi makatotohanan na iyong narinig o nabasa.

| Makatotohanang balita o patalastas |
| --- |
| |
| |
| |
| |
| |

| Di-makatotohanang balita o patalastas |
| --- |
| |
| |
| |
| |
| |

Rubriks:
5- Maayos na paglalarawan at pagkakabuo ng talata
4- Hindi maayos ang paglalarawan at pagkakabuo ng talata
3- Hindi malinaw na pagpapaliwanag sa paksa
2- May mga mali sa baybay at wastong gamit ng bantas
1- Mahirap unawain at basahin




## *Isagawa*

Bawat tao ay may kaniya-kaniyang pananaw at opinyon sa balitang naririnig sa radyo o nababasa sa pahayagan. Ang pagiging mapanuri sa naririnig o nababasa ay nagpapakita lamang ng masusing pag-iisip.

May mga balita na nagbibigay ng tamang impormasyon upang lalong mapalawig ang kaalaman ng mga nagbabasa o nakikinig. Subalit mayroon din naman sa paraang paninirang puri. Ang ganitong klase ng pagkakasulat o paglilimbag ay itinuturing na isang libelo.

Panuto: Kulayan ng pula ang makatotohanang balita at asul naman ang di- makatotohanang balita.





## *Tayahin*

Suriin ang mga balita o patalastas na naririnig o napapanood upang malaman ang makatotohanan o fake news. Ugaliing malaman ang pinagmulan nito.

Basahin at suriin

*Pandemya*

Ang buong mundo ay nahaharap ngayon sa isang napakalaking pandemya. Ito ay tinatawag na COVID 19. Ito ay isang uri ng sakit na wala pang natutuklasang lunas. Karamihan sa sintomas ng sakit na ito ay maihahalintulad sa trangkaso, ngunit ito ay hindi madaling magamot, kung ikukumpara sa simpleng ubo, lagnat at sipon.

Panuto: Sagutin ang mga tanong.Isulat ang sagot sa loob ng kahon.

1. Ano ang pandemyang hinaharap ng buong mundo?
2. Ang COVID 19 ay maihahalintulad sa anong sakit?
3. May gamot na ba sa sakit na ito? Bakit?
4. Dapat ba na paghandaan ang COVID 19? Bakit?
5. Ano kaya ang dapat gawin upang makaiwas sa sakit na ito? Ipaliwanag ang iyong sagot.

## *Karagdagang Gawain*

Ang pag-unawa sa mga impormasyong galing sa internet o napanood sa telebisyon ay malaking tulong upang mabigyang gabay tayo sa paghikayat sa mga kabataan na maging maingat sa mga makabagong teknolohiya na kanilang ginagamit.

Panuto: Magsulat ng limang pangungusap gamit ang isang makatotohanang balita o patalastas tungkol sa COVID 19.

ANG COVID 19

Rubriks:
9-10 Maayos na paglalarawan at pagkakabuo ng talata
7- 8 Hindi maayos ang paglalarawan at pagkakabuo ng talata
5- 6 Hindi malinaw na pagpapaliwanag sa paksa
3- 4 May mga mali sa baybay at wastong gamit ng bantas
1- 2 Mahirap unawain at basahin

## *Susi sa Pagwawasto*

| Subukin |
|---|
| 1. Ito ay isang paraan ng pagkatuto kahit nasa bahay lamang. |
| 2. Modular Learning |
| 3. Naglalaman ito ng ibat-ibang pagsasanay na sasagutan ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan |
| 4. Oo, ako ay natututo kahit nasa bahay lamang. |
| 5. Ugaliing magbasa upang madagdagan ang kaalaman. |

| Balikan | |
|---|---|
| 1. MAPANURI | 5. MASIPAG |
| 2. MATIYAGA | |
| 3. MASIKAP | |
| 4. MATAPAT | |

| Suriin |
|---|
| 1. Pagiging mapagmatyag at mapanuri |
| 2. Minsan ang mga balita ay hindi makatotohanan |
| 3. Masusing pag-aralan ang nakalap na mga balita o patalastas |
| 4. Opo, makikinig ako sa iba pang maaaring panggalingan ng balita. |
| 5. Opo, upang maiwasan ang sakuna. |

| Pagyamanin |
|---|
| 1. ✖ |
| 2. ✖ |
| 3. ✖ |
| 4. ✹ |
| 5. ✹ |

| Karagdagang Gawain |
| --- |
| Hindi magkakapareha ang sagot ng mga bata. Nasa guro ang pagbibigay ng kaukulang puntos gamit ang rubriks. |
| |
| |
| |

| Tayahin |
| --- |
| 1. COVID 19 |
| 2. Trangkaso |
| 3. wala pa po, hindi po madali ang paggawa ng vaccine para COVID 19 |
| 4. oo, Sapagkat wala pang gamot na natutuklasan kontra COVID 19. |
| 5. sundin ang mga patakarang itinakda ng pamahalaan |

| Isagawa |
| --- |
| 1. Tao ang sanhi ng polusyon (pula) |
| 2. Pagkain ng itlog ay nakapapayat (asul) |
| 3. Cancer sanhi ng paninigarilyo (pula) |
| 4. Bakuna ang panlunas sa covid 19 (pula) |
| 5. Alien nakita sa Cagayan De Oro (asul) |

| Isaisip |
| --- |
| Hindi magkakapareha ang sagot ng mga bata. Nasa guro ang pagbibigay ng kaukulang puntos gamit ang rubriks. |
| |
| |
| |

## *Reference/ Authors:*

Abac, F.E. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Amoyen, G.A. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Antiquiera, J.M. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4.Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Bringas, H.A. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon.Kagawaran ng Edukasyon

Capati, G. R. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Caraan, MC. M. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaaran ng Edukasyon

Castillo, R.A. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Catapang, R.B. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Gonzales, I. M. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Gulapa, J.B. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Ortega, N. S. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Pandino, M. D. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Reyes, A. M. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

For inquiries and feedback, please write or call:

Department of Education – Division of Valencia City

Lapu - Lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709

Telefax: (088) 828 - 4615